

جمعية خدمة المحتوى
الإسلامي باللغات



Isang Pinaiksing Mensahe sa Isang Ateista

Wikang
Tagalog

فلبيني

رسالة موجزة إلى ملحد



Ang Pangkaalamang Lupon ng Kapisanan ng Serbisyo ng
Nilalamang Islāmiko sa Maraming Wika

رِسَالَةٌ مُوجَزَةٌ إِلَى مُلْحِدٍ

**Isang Pinaiksing Mensahe sa Isang
Ateista**

اللَّجْنَةُ الْعِلْمِيَّةُ

بِجَمْعِيَّةِ خِدْمَةِ الْمُحْتَوَى الْإِسْلَامِيِّ بِاللُّغَاتِ

**Ang Pangkaalamang Lupon ng Kapisanan
ng Serbisyo ng Nilalamang Islāmiko sa
Maraming Wika**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Isang Pinaiksing Mensahe sa Isang Ateista

Tunay na tayo ay nabubuhay sa isang nakamamanghang Sansinukob na nireregulahan ng mga eksaktong batas na naghahayag ng isang kahanga-hangang pagtutugmaan at isang eksaktong pagkasistema na pumupukaw ng pagkagulat.

Sa tuwing nagpapakalalim ang tao sa pag-intindi ng mga batas ng Sansinukob, nadaragdagan ang pagdating ng tanong na hindi nagtataglay ang pisika ng sagot para rito: Ano ang pinanggalingan ng mga batas na ito? Bakit umiral ang mga ito sa simula pa?

Hindi ako nagsusulat upang magbigay ng isang nakahandang sagot bagkus upang makilahok sa iyo sa lohikal na pagtatanung-tanong na nagiging karapat-dapat ihain nang walang pagsasaalang-alang sa panrelihiyon o pangkaisipang pinagmulan.

Nasa lohika kaya na mamutawi ang mga batas mula sa kawalan? Na mamutawi ang sistema mula sa hindi pagpapakay? Na mailuwal ang kamalayan mula sa isang materyal na hindi nakapag-iisip?

Hayaang magsimula tayo mula sa simula, mula sa pinakamaliwanag at pinakamalalim na tanong nang magkasabayan.

Ang kawalan kaya ay maaaring lumikha ng anuman?

Nasa lohika kaya na magsabi ka na ang kahanga-

hangang Sansinukob na ito kalakip ng eksaktong sistemang ito at kalakip ng mahigpit na kaayusan sa pagitan ng mga batas nito ay namutawi mula sa walang anuman at kalakip ng walang kadahilanan?

Tunay na ang pantaong matinong pag-iisip ay tumatanggi rito nang lubusan dahil tayo, sa buhay natin, ay hindi nakakikita ng alinmang bagay na dumating mula sa walang anuman.

Magbulay-bulay ka kasama ko sa sarili mo: Sino ang lumikha sa iyo mula sa isang abang patak at bumuo sa iyo bilang isang taong madiniging nakakikita?

Sino ang lumikha sa katawan mo kalakip ng kahusayang ito at naglapat sa iyo ng matang nakakikita, taingang nakaririnig, at isip na nakasusuri at nakapag-iisip-isip?

Sino ang dati nang nagtutustos sa iyo habang ikaw ay nasa tiyan pa ng ina mo nang walang panlalalang at walang kapangyarihan, na nagbibigay-sustansiya sa iyo mula sa dugo ng ina mo at naglalaan para sa iyo ng bawat kinakailangan mo upang lumago ka at lumabas ka sa buhay?

Ikaw ba mismo ang gumawa niyon para sa sarili mo o gumawa nito ang bining kalikasan?

Ang kalikasan ay walang isip, walang pakay, at walang kalooban. Papaanong makagagawa ito ng isang sistemang higit na kumplikado kaysa sa pinakamalaking kompyuter? Papaanong malilikha nito ang kamalayan, ang pagkatalos, at ang mga damdamin?

Papaanong ukol sa kalikasan na maglagay sa puso ng ina ng isang katutubong pag-ibig sa paslit niya o na gumawa sa puso mo na naninikip sa pagkakita ng kawalang-katarungan at naluluwagan sa pagkakita ng katarungan?

Sino ang nagtanim sa atin ng mga matayog na kahulugang ito? Mula saan nanggaling ang mga minamahalaga? Mula saan nanggaling ang budhi?

Tunay na ang bawat bagay sa paligid mo ay nagsisigaw ng kairalan ng Tagalikha.

Tumingin ka sa langit: Sino ang nag-angat nito nang walang haligi?

Tumingin ka sa araw: Sino ang nagtakda ng nililigiran nito nang may kaeksaktuhang hindi nag-iiba?

Tumingin ka sa puso mo: Sino ang gumawa rito na tumitibok nang walang permiso mula sa iyo sa hinaba-haba ng buhay mo?

Ang lahat ng ito kaya ay dumating dahil sa isang pagkakataon? Ang pagkakataon kaya ay nag-uulit-ulit ng sarili nito nang bilyun-bilyon sa sistemang ito?

Maniniwala ka kaya na may isang aklat na gaya ng diksyunaryo o ensiklopedyang siyentipiko na lumitaw dahil sa pagkakataon mula sa isang pagsambulat ng isang tagalimbag?

Kaya papaanong sumasampalataya ka na ang Sansinukob, samantalang ito ay higit na malaki kaysa sa lahat ng mga aklat, ay lumitaw mula sa isang bulag na pagsambulat.

Ang Islām ay hindi nag-aanyaya sa iyo para sa

pagpapatigil ng isip mo bagkus nag-aanyaya sa iyo para sa paggamit nito. Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya) sa Qur'ān:

﴿...أَفِي اللَّهِ شَكٌّ فَاطِرِ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ...﴾

{Sa kay Allāh ba ay may pagdududa, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa? ...} (Qur'ān 14:10)

Maiisip kaya na may maidududa sa kairalan ng lumikha ng bawat bagay?

Nagsasabi si Allāh:

﴿وَفِي أَنْفُسِكُمْ أَفَلَا تُبْصِرُونَ﴾

{at sa mga sarili ninyo. Kaya hindi ba kayo nakakikita?} (Qur'ān 51:21)

Isang paanyaya para sa iyo upang magbulay-bulay ka sa katawan mo at espiritu mo upang makita mo ang patunay sa harapan mo.

Pagkatapos magbulay-bulay ka sa Marangal na Qur'ān, ang kahuli-hulihan sa mga kasulatang makadiyos sa pagkababa.

Isang Aklat na bumaba makalipas ang higit sa 1,400 taon, na humamon sa mga tao na magdala sila ng tulad nito at hindi sila nakakakaya.

Isang Aklat na nagtipon ng paniniwala, pagbabatas, mga kasaysayan, kaalaman, at wika sa isang istilong walang katulad.

Nagpabatid ito tungkol sa mga kalipunang nasawi, mga pangyayaring naglaho, mga pagtuklas na hindi nalaman kundi matapos ng mga siglo, tulad ng:

paglaki ng fetus, pagbuo ng mga ulap, mga sapin (stratum) ng lupa, at ang kaeksaktuhan ng pagligid ng mga planeta.

Pagkatapos magbulay-bulay ka sa talambuhay ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), isang lalaking nagmula sa isang disyertong malayo sa mga sentro ng kabihasan, na hindi nakababasa at hindi nakasusulat, at hindi nakatanggap ng kaalaman mula sa tao, ngunit biglaang naghahain siya sa Sangkatauhan ng isang mensaheng walang-hanggan, na pumupukaw sa mga isip, nagbubusilak ng mga kaluluwa, at nagpapangyari ng isang pagkalaki-laking pagbabagong-anyo sa pagdaloy ng kasaysayan.

Sa pamamagitan ng mga salitang bumaba sa kanya sa isang yungib, nagpalipat siya sa Sangkatauhan mula sa pagsamba sa tao at bato tungo sa paniniwala sa kaisahan ng Tagalikha ng Sansinukob at pag-angkla ng mga minamahalaga ng katarungan, awa, at karangalan.

Kaya aling lakas ito na nagpaiba sa Daigdig, sumaling sa mga puso, at hindi natigil ang alingawngaw nito na pumapaitaas sa kabila ng paglipas ng mga siglo?

O bumabasa ng mga salitang ito, ang Panginoon mo ay hindi nangangailangan sa iyo ng anuman subalit ikaw mismo ang nangangailangan sa Kanya.

Siya ay lumikha sa iyo, nagtustos sa iyo, at nag-iingat sa iyo. Nag-antabay Siya sa iyo upang makapag-isip-isip ka at manumbalik ka.

Siya ay hindi lumalabag sa katarungan sa isa man. Ang sinumang bumalik sa Kanya nang tapat ay tatanggapin Niya, patatawarin Niya, at papalitan Niya ang masasagwang gawa nito ng magagandang gawa.

Tunay na ako ay hindi nag-oobliga sa iyo ng anuman subalit umaasa ako na magkaloob ka sa puso mo ng isang pagkakataon sa katapatan,

na magpakaalpas ka mula sa galit at mula sa kaingayang panloob at mag-isip nang saglit.

Ano na kung sakaling ikaw ay nagkakamali?

Ano na kung sakaling nagkaroon ng isang Diyos, ng buhay matapos ng kamatayan, ng paraiso, at ng impiyerno?

Makapagsisisi ka pa kaya sa sandaling iyon kapag hindi na nagpapakinabang ang pagsisisi?

Gumawa ka ng isang tapat na hakbang tungo sa katotohanan. Magsimula ka ng paglalakbay mo kasabay ng Qur'ān sapagkat makatatagpo ka rito ng mga sagot na dating nakalingid at isang liwanag na ikaw dati ay naghahanap-hanap nito.

Salin ng mga Kahulugan ng Marangal na Qur'ān



جمعية خدمة المحتوى
الإسلامي باللغات



Isang pinaiksing mensahe sa isang Ateista, kumakausap ito sa isip na ang kaeksaktuhan ng Sansinukob at ang sistema nito ay nagkakaila sa pagkakataon (chance) at nagpapatunay sa isang Tagalikhang Marunong. Kaya maiisip kaya na ang lahat ng ito ay mula sa kawalan? Kaya buksan mo ang puso mo para sa pag-iisip at pagbubulay-bulay at hanapin mo ang totoo sapagkat makatatagpo ka rito ng isang liwanag na magpapatnubay sa iyo.

